



Banuk At Agon

Ang Kuwento ng Dalawang Matalik na Magkaibigan



Isinulat ni **Akira Ariate**
Iginuhit ni **Jasmine Kaye Rosales**



MUSEO MARITIMO
ASIAN INSTITUTE OF MARITIME STUDIES

Banuk At Agon


Ang Kuwento ng Dalawang Matalik na Magkaibigan






"Taya ka Agon, habulin mo ko!"

Si Banuk at Agon ay matalik na magkaibigan. Halos hindi na sila mapaghiwalay dahil sa pagiging malapit nila sa isa't isa, parang magkapatid na ang kanilang turingan. Sa tabing-dagat sila laging nagkikita para maglaro o 'di naman kaya ay magkuwentuhan ng mga nangyayari sa kanilang araw.



Paminsan-minsan ay hindi sila nagkikita dahil si Banuk ay pumapasok sa paaralan at kasama ang ibang kaibigan. Ganoon din si Agon, abala rin sa kaniyang pag-aaral sa ilalim ng dagat kasama ang iba pang mga kaibigang pagong.




Isang araw, habang naglalalakad palabas ng paaralan si Agon ay narinig niya ang usapan ng mga kamag-aral.

“Nabalitaan n'yo na ba ang nangyari sa pamilya ni Gong?”

“Hindi, bakit ano ba nangyari sa kanila?”

“Habang pauwi si Gong sa kanila, nakita niyang abala mga magulang niya sa pagtanggal ng mga basurang nakapalibot sa kanilang bahay. Tapos yung bata niyang kapatid, nakalunok ng basura kaya agad na isinugod sa pagamutan!”

Labis na nabahala si Agon sa kaniyang narinig. Kaya naman nagmadali itong lumabas at nagpunta sa tahanan nila Gong.



Mula sa likod ng mga koral, nakita ni Agon na napakaraming basura ang bumabalot sa tahanan nila Gong. Ang tatay ni Gong ay abala sa paglilinis ng kanilang bahay nang biglang yumakap ang asawa nito at umiyak, kaya kaniya itong niyakap.



Gabi na nang makaalis si Agon, malungkot na lumangoy ito papuntang tabing-dagat upang puntahan ang kaibigang si Banuk. Gusto niyang ikuwento kay Banuk ang nakita niya at mga problema sa ilalim ng dagat.



Samantala, pauwi naman si Banuk galing paaralan. Gusto niyang pumunta sa tabing-dagat para puntahan ang kaibigan na si Agon. Masayang naglalakad si Banuk papuntang tabing-dagat nang bigla niyang makita na maraming basura ang lumulutang sa dagat.




Walang pag-aalinlangan na lumusong si Banuk sa dagat para pulutin ang mga basura. Hawak-hawak ni Banuk ang mga kalat na napulot niya nang hindi sa kalayuan ay nakita niya ang isang gomang gulong na lumulutang.



Yakap-yakap ni Banuk sa isa niyang kamay ang mga napulot na basura at hila-hila naman ng isang kamay niya ang gulong. Nahihirapan si Banuk na hilain ang gulong dahil mabigat.

Array...



Malapit ng makapunta sa pampang si Banuk para umahon nang makaapak ito ng bato at matapilok. Nabitawan naman lahat ni Banuk ang mga basura na kaniyang pinulot, at muling nagkalat sa dagat.




Banuk....

Nakita ni Agon na nagkalat sa dagat ang mga basurang hawak ni Banuk.
"Isa ka pala Banuk sa mga nagkakalat sa dagat" wika ni Agon sa kaniyang
isipan. Tuluyan nang tumalikod si Agon at malungkot na bumalik sa
kaniyang tahanan sa dagat.



Lumipas ang isang linggo na hindi nagpakita si Agon kay Banuk, hindi siya pumupunta sa tabing-dagat na kanilang tagpuan. Inabala ni Agon ang sarili sa pagtulong na maglinis sa kanilang komunidad sa dagat.



Isang araw, pauwi na sana si Agon ng lapitan siya ng mga kaklaseng pagong.

"Agon, maraming salamat sa inyo ng kaibigan mo ha!"


"Sa amin ng kaibigan ko? Bakit?"

"Eh kasi dahil sa inyo nababawasan ang mga basurang nagkalat dito sa atin"

"Oo nga, Agon. Nakita ko laging nagpupulot ng kalat sa dagat ang kaibigan mo. Minsan pa nga nakikita ko nagtatawag pa s'ya ng iba n'yang kaklase para tumulong na magpulot ng mga basura"

"Ayon ba? Wala 'yon. Sige, una na ko"

"Sige, Agon. Salamat ulit sa inyo ha!"



Mabilis na nilangoy ni Agon ang dagat para pumunta sa tagpuan nila ng kaniyang kaibigan. Nang makarating sa tabing-dagat, hingal na hingal si Agon.



Sa pag-angat ng tingin ni Agon, nabigla ito nang makita niya si Banuk, may hawak na isang sako at nagpupulot ng mga basura. Nakaramdam naman ng pagsisisi sa sarili si Agon dahil inakala niyang isa sa mga nagkakalat si Banuk sa kanilang tirahan.




Unti-unting lumapit si Agon sa kaibigan, hanggang sa makarating ito sa harapan ni Banuk.

"Hello, Agon! Ang tagal mong hindi nagpakita ah"

"Oo nga eh, ang dami kasing ginagawa sa amin"

"Tara, doon tayo sa puwesto natin"



"Banuk, paumanhin ha"

"Bakit?"

"Kasi akala ko isa ka sa mga nagkakalat sa dagat. Na isa ka sa mga dahilan kung bakit marami sa amin ang napapahamak dahil sa mga basurang itinatapon sa dagat. Kaya, pasensya ha"

"Kaya pala matagal kang hindi nagpakita sa akin. Wala na 'yon, ayos lang 'yon"


"Talaga? Magkaibigan pa rin tayo?"

"Oo naman!"

"Salamat din pala Banuk, sa pagtulong mo na maglinis sa tirahan namin"

"Siyempre naman, kaibigan kita eh. At saka, malaki rin ang tulong sa amin ng dagat, kaya dapat lang din na ingatan namin ito at panatilihing malinis. O siya, tara na at marami pa tayong pupulutin"

"Sige, tara na Banuk!"



Masaya ang dalawang magkaibigan dahil naayos na ang kanilang hindi pagkakaunawaan. Tuluyan na ring nalinis ang dagat dahil pursigido ang magkaibigan na maging malinis muli ang dagat, at dahil na rin sa pakikipagtulungan ng mga mamamayan at ng mga naninirahan sa ilalim ng dagat na muling maging ligtas para sa lahat ang dagat.

